California's Protection & Advocacy System
Toll-Free (800) 776-5746

Mga kabayarang Lump Sum at Pagkanararapat sa Medi-Cal

Hunyo 2018, Pub #5613.08 - Tagalog

Tandaan: Ang publiksyon na ito ay nagalalaman lamang ng pangkalahatang impormasyon. Ang sitwasyon ng bawat-isa ay magkakaiba. Siguraduhin na kokonsulta sa isang abogado o tagapagtaguyod sa mga bagay na ito para sa payo sa iyong partikular na sitwasyon.

Maraming tao ang may mga katanungan tungkol sa kung paanong maaapektuhan ng hindi nauulit na kabayarang lump sum (minsanan lamang) ang kanilang pagkanararapat sa Medi-Cal. Inilalarawan ng publikasyon na ito kung paanong nakaaapekto ang mga kabayarang lump sum sa pagkanararapat para sa ilang programa ng Medi-Cal para sa mga senior at mga taong may mga kapansanan. Ipinaliliwanag nito kung anong mangyayari sa iyong Medi-Cal kapag nakatanggap ka ng minsanang kabayaran na lump sum, at kung kailan at kung ang hindi nagastang kabayaran na lump sum ay mabibilang na isang mapagkukunan sa susunod na buwan.

Hindi tatalakayin ng publikasyon na ito ang mga nakalaang programa ng Medi-Cal sa ibang grupo tulad ng buntis na kababaihan o CALWORKS-linked Medi-Cal.[1] Ni hindi nito tatalakayin ang impormasyon sa SSI linked Medi-Cal at iba pang programa ng Medi-Cal na tumatalakay sa mga

---

[1] *Tingnan ang* Dept. of Health Care Services, All-County Welfare Directors' Letter (ACWDL) No. 92-03. – (Bumalik sa Pangunahing Dokumento)

kabayaran na lump sum pareho din sa programa ng SSI.[2] Para sa pangalawang grupo tingnan ang aming publikasyon ng lump sum ng SSI sa: Mga kabayarang Lump Sum at Pagkanararapat sa SSI

Pinalawak ng Affordable Care Act ang bilang ng mga tao na maaaring makakuha ng Medi-Cal sa ilalim ng programang Modified Adjusted Gross Income (MAGI) Medi-Cal. Katulad sa ibang programa ng Medi-Cal na aming tinalakay sa ibaba, ang programang ito ay may sarili nitong pamantayan at mga tuntunin sa pagkanararapat sa Medi-Cal sa kung paano nitong tinatalakay ang kabayarang lump sum. Tatalakayin namin ito sa katanungang 13, sa ibaba.[3]

Ano ang isang hindi umuulit na kabayarang lump sum?

Ang hindi umuulit na kabayarang lump sum ay minsanang kabayaran ng isang benepisyo o anumang ibang cash o ari-arian na maaaring maipagpalit sa cash para magkaloob ng pagkain o silungan. Hindi nito kasama ang halaga ng pera na karaniwan mong nakukuha sa isang buwan.[4] Bilang halimbawa, hindi kasama ang iyong buwanang tseke ng

---

[2] Ang mga programang ito ay SSI-linked Medi-Cal, Section 1619(b), Pickle, Disabled Adult Child (DAC), at balo o nabubuhay na diborsyadong asawa ng Medicaid. *Tingan hal.* Dept. of Health Care Services, All-County Welfare Directors' Letter (ACWDL) Nos.: 09-61 at 09-62; 42 U.S.C. § 404(e), (f); 42 U.S.C. § 1383(c), (d). – (Bumalik sa Pangunahing Dokumento)

[3] Para sa higitna impormasyon sa MAGI Medi-Cal tingnan an gaming publikasyon sa Ano ang Adult Expansion/ MAGA Medi-Cal?; Tingnan din ang Western Center on Law & Property's March 2016 Manual "Getting and Keeping Health Coverage for Low-Income Californians," na-access Mayo 22, 2018, Getting and Keeping Health Coverage for Low-Income Californians. – (Bumalik sa Pangunahing Dokumento)

[4] 22 C.C.R. § 50064.5. – (Bumalik sa Pangunahing Dokumento)

Social Security ngunit magsasama ng tseke para sa mga naunang benepisyo.

Nasabi mo na lumalapat lamang ang publikasyon na ito sa ilang programa ng Medi-Cal para sa mga senior at mga taong may mga kapansanan. Anu-ano ang mga ito?

Ang mga ito ay:

- Programang Aged and Disabled Federal Poverty Level (A&D FPL)[5],
- Ang Programang Working Disabled[6]; at
- Aged, Blind & Disabled Medically Needy (ABD-MN)[7].

Paano kong malalaman kung saang programa ng Medi-Cal ako kasama?

Ang bawat programa ng Medi-Cal ay tinalagahan ng aid code. Tanungin ang trabahador sa pagkanararapat ng Medi-Cal ng iyong county para sa iyong aid code. O, kapag nagpunta ka sa isang parmasya, hilingin na ang iyong Medi-Cal card – na tinatawag na BIC para sa “Beneficiary

---

[5] *Tingnan ang* Disability Benefits 101, "Medi-Cal: The Details", na-access Mayo 22, 2018, - (Bumalik sa Pangunahing Dokumento)

[6] *Tingnan ang* Disability Benefits 101, "Medi-Cal: The Details," na-access Mayo 22, 2018. – (Bumalik sa Pangunahing Dokumento)

[7] *Tingnan ang* Disability Benefits 101, "Medi-Cal: The Details," na-access Mayo 22, 2018. – (Bumalik sa Pangunahing Dokumento)

Identification Card" – ay mai-swipe para masabi sa iyo ang iyong aid code o mga code.[8]

Bakit mahalaga kung makakukuha ako ng lump sum?

Ang bawat programa ng Medi-Cal ay may sarili nitong pamantayan sa pagkanararapat, kabilang ang pagtugon sa mga tuntunin ng kita at mapagkukunan. Ang pagtanggap ng kita (pagkatapos ng mga pinapahintulutang babawasin para sa isang partikular na programa ng Medi-Cal) ay maaaring magdulot sa iyo ng pagkawala ng pagkanararapat sa ilalim ng programa na iyon at maalis sa programa ng ABD-MN na may share of cost.

Para sa mga mapagkukunan, muli, dedepende ito sa kung saang programa ng Medi-Cal ka kasama. Karamihan sa programa ay pahihintulutan kang magkaroon nang hindi lalampas sa $2,000 sa kabuuang hindi kasali na naibibilang na mga mapagkukunan para sa nag-iisang tao at $3,000 para sa isang mag-asawa at sa ilang panahon ng buwan.[9] Para sa bawat karagdagang miyembro ng pamilya, ang mga programang Medi-Cal-only ay may mas mataas na limit ng mapagkukunan.[10] Nangangahulugan ito na kung makatatanggap ka ng nabibilang na kita na magiging isang nabibilang na mapagkukunan sa susunod na buwan, dapat kang gumugol hanggang sa $2,000 ($3,000) nabibilang na lebel ng mapagkukunan bago sa *katapusan* ng susunod na buwan upang manatiling karapat-dapat para sa Medi-Cal. Gayunman, maaari mong muling itaguyod ang pagkanararapat sa Medi-Cal na may bisa sa nakaraan sa una ng buwan na iyon kung

---

[8] Para sa indese ng mga aid code tingnan ang Dept. of Health Care Services Aid Codes Master Chart. – (Bumalik sa Pangunahing Dokumento)

[9] 20 C.F.R § 416.202(d); 22 C.C.R §§ 50420(a), 50195(c)(2); *Tingnan din ang* California Health and Human Services Agency, "Medi-Cal General Property Limitations," , p. 1., Abril 2014, na-access Mayo 23, 2018. – (Bumalik sa Pangunahing Dokumento)

[10] 22 C.C.R § 50420(a). - (Bumalik sa Pangunahing Dokumento)

gugulin mo ang iyong mga pinagkukunan bago sa katapusan ng buwan na iyon.[11]

Ano ang pagkakaiba sa pagitan ng kita at mga mapagkukunan (ari-arian)?

Sa karaniwan, ang kita ay pera o tulong na hindi pera,[12] na natatanggap mo sa panahon ng isang buwan para matugunan ang iyong mga pangangailangan sa pagkain at silungan.[13] Ang kita ay maaaring

---

[11] Nasasaklawan para sa mga buwan bago sa buwan ng aplikasyon ay maaaring masaklawan kahit na may mga labis na mapagkukunan sa retroactive na buwan kung ang halaga ng mga mapagkukunan na mataas sa limit ay ginagamit para magbayad ng mga medikal na gastusin. California Health and Human Services Agency, "Medi-Cal General Property Limitations,", p. 2-3, Abril 2014, na-access Mayo 23, 2018, *tingnan din ang* ACWDL No. 97-41, implementing *Principe v. Belshe.*- (Bumalik sa Pangunahing Dokumento)

[12] Ang ibig sabihin ng “In-kind” ay tulong na hindi pera na natutugunan ang iyong silungan, mga utilidad o mga pangangailangang pagkain imbes na pera. Hindi tulad ng SSI, binibilang lang nga programa ng Medi-Cal ang tulong na hindi pera kung matutugunan nito ang *lahat* ng iyong pangangailangan para sa silungan o mga utilidad o pagkain sa isang buwan. 22 C.C.R § 50509. – (Bumalik sa Pangunahing Dokumento)

[13] Welf. & Inst. Code § 14006(c), 42 C.F.R § 435.601, 22 C.C.R § 50451. – (Bumalik sa Pangunahing Dokumento)

kabuuan[14] o pamumuhunan.[15] At, tanging kita o mga mapagkukunan na nakalaan ang isinasaalang-alang.[16]

Ang direktang binabayarang mga bagay at serbisyo ng iba pang tao at kung saan ay hindi perang kita para sa pagkain o silungan ay hindi itinuturing na kita.[17] Kaya ang mga sumusunod na uri ng mga regalo ay hindi maaapektuhan ang iyong nabibilang na kita para sa mga layunin ng Medi-Cal: mga aytem ng grocery na hindi pagkain (mga produktong papel, mga supply sa paglilinis at paglalaba), pagkain ng alagang hayop at pangangalaga ng beterinaryo, mga bill sa telepono, internet at mga bayad sa cable, voucher ng taksi, gawain sa bakuran, magasin o mga subscription sa diyaryo.

Kadalasan, ang mga mapagkukunan (o ari-arian)[18] ay cash or ibang bagay na pagmamay-ari mo na maaari mong ibenta o ipagpalit sa cash, tulad ng isang bahay, stocks, mga bank account, o real property.[19]

Ang nabibilang na kita (pagkatapos ng pinapahintulutang mga babawasin) at mga mapagkukunan ay gingamit para pagpasyahan ang iyong pagkanararapat para sa Medi-Cal. Ang hindi kasaling kita at mga

---

[14] 22 C.C.R § 50503. – (Bumalik sa Pangunahing Dokumento)

[15] 22 C.C.R § 50507. – (Bumalik sa Pangunahing Dokumento)

[16] 22 C.C.R. §§ 50501(b), 50513 (“nakalaang kita”), 50515 (pagtukoy sa “hindi nakalaang kita”). – (Bumalik sa Pangunahing Dokumento)

[17] 20 CFR § 416.1103(g). – (Bumalik sa Pangunahing Dokumento)

[18] Ginagamit ng programa ng SSI ang katawagan na “resources” (mapagkukunan) para ilarawan ito at ang mga programa ng Medi-Cal-only ay ginagamit ang katawagan na “ari-arian” para ilarawan ang parehong bagay. Sa buong memo na ito, gagamitin natin ang katawagang “mga mapagkukunan.” - (Bumalik sa Pangunahing Dokumento)

[19] 22 C.C.R §§ 50073, 50074. – (Bumalik sa Pangunahing Dokumento)

mapagkukunan ay hindi ginagamit sa pagpapasya ng iyong pagkanararapat para sa Medi-Cal.[20]

Anu-ano ang hindi kasaling kita at mga mapagkukunan?

Ang ilang bagay ay hindi talaga ibinibilang na kita o isang mapagkukunan. Ang agarang tulong sa sakuna o tulong sa relokasyong natanggap mula sa pederal, estado o mga lokal na gobyerno ay isang halimbawa.[21] Ilang Indian judgment funds ay isa pang halimbawa.[22] Ilang tax credit[23] tulad ng mga Earned Income Tax Credit (EITCs)[24] ay hindi rin kasali. Maaari kang tumingin sa listahan ng hindi kasaling kita para sa pagkanararapat ng Medi-Cal kaugnay sa mga programa kung saan ibinabatay ang pagkanararapat sa edad o kapansanan sa 22 C.C.R. §§ 50523- 50544. Narito ang isang listahan ng mga hindi kasaling mapagkukunan sa ilalim ng programa ng SSI na hindi rin kasali sa ilalim ng mga programa ng Medi-Cal para sa mga taong may mga kapansanan at mga senior: POMS SI 01110.210.

Tatanggap ako ng kabayarang lump sum. Paano niyon maaapektuhan ang aking Medi-Cal?

Didepende ito sa kung anong uri ng kabayaran ang matatanggap mo

---

[20] 22 C.C.R §§ 50418, 50521. – (Bumalik sa Pangunahing Dokumento)

[21] 22 C.C.R § 50535.5. – (Bumalik sa Pangunahing Dokumento)

[22] 22 C.C.R § 50537. – (Bumalik sa Pangunahing Dokumento)

[23] *Tingnan din* 22 C.C.R §§ 50454.5, 50523.5. – (Bumalik sa Pangunahing Dokumento)

[24] Hindi kasali sa natanggap sa buwan: 22 C.C.R § 50543.5. Hindi kasali sa buwan kasunod ng pagtanggap: 22 C.C.R § 50449. – (Bumalik sa Pangunahing Dokumento)

Retroactive Social Security o mga kabayaran ng SSI

Anumang kabayaran mula sa Social Security na hindi isang regular na kabayaran ng SSI o Social Security Disability o Retirement Insurance Benefit (DIB o RIB) na buwanang kabayaran ng benepisyo ay isang retroactive (may bisa sa nakaraan) na kabayaran at itinuturing na hindi kasaling kita sa buwan ng pagkakatanggap at hindi isinasama sa reserba ng iyong ari-arian sa siyam na buwan at pagkatapos noon.[25]

Mga kabayaran ng IHSS

Ang mga halimbawa ng retroactive na mga benepisyo ng IHSS ay kasama ang pera na iyong natatanggap:

- Kung mag-a-apply ka at matuklasang karapat-dapat para sa IHSS ngunit may pagkaantala sa pagsisimula sa mga kabayaran sa iyong provider (o sa iyo kung magiging karapat-dapat ka para sa maagang bayad)[26], o
- Kung mag-aapela ka, ang bilang ng mga oras na pinahintulutan at manalo dahil nagpasiya ang patas na pagdinig na hindi pinahintulutan ng social worker ng county ang lahat ng oras na kinakailangan mo.

---

[25] 22 C.C.R § 50455 ipinapahiwatig na ang panahon ng hindi pagsali ay anim na buwan, ngunit tingnan ang, sulat ng California Health and Human Services Agency, Dept. of Health Care Services, Disyembre 28, 2009, na-access Mayo 23, 2018. – (Bumalik sa Pangunahing Dokumento)

[26] Kung magiging karapat-dapat ka para sa mga serbisyong personal na pangangalaga ng IHSS/Medi-Cal bilang isang taong natutugunan ang kahulugan ng malubhang kapansanan at nagagawa mo o ng iyong kinatawam ang proseso ng paggawa at pagsubaybay sa mga kabayarang ginagawa mo nang direkta sa iyong provider, may karapata kang makatanggap sa unang buwan ng pera para bayaran nang direkta ang iyong mga provider. Welf. & Inst. Code § 12304(a). Ang advance na kabayaran ay hindi kasaling kita. 20 C.F.R. § 416.1103(b)(3)(ii). – (Bumalik sa Pangunahing Dokumento)

Mga kabayaran ng IHSS na ginawa sa hindi karapat-dapat na mga asawa o hindi karapat-dapat na mga magulang

Ang ibig sabihin ng “hindi karapat-dapat” na magulang o asawa ay hindi sila tumatanggap ng mga benepisyo ng Medi-Cal. Ang retroactive na lump sum na kabayaran ng IHSS na ginawa sa isang hindi karapat-dapat na magulang o asawa, na nagkakaloob ng mga serbisyo sa kanilang menor-de-edad na anak o asawa, ay hindi kasaling kita—sa isang salita hindi ito ipapalagay o ibinibilang laban sa karapat-dapat na anak o asawa, at kung kaya ay hindi naaapektuhan ang pagkanararapat ng anak o asawa ng tumatanggap.[27]

Tandaan, ang kita ay nagiging isang mapagkukunan pagkatapos ng buwan na natanggap mo ito; kaya, ang retroactive na kabayarang lump sum ng IHSS na ginawa sa isang hindi karapat-dapat na magulang o asawa ay isang hindi isinaling mapagkukunan sa buwan kasunod ng buwan nang pagkakatanggap.[28] Gayunman, binibilang ito bilang isang mapagkukunan sa pangalawang buwan ng kalendaryo kasunod ng pagkakatanggap at ipapalagay sa asawa o anak kung ito ay naging isang retroactive na kabayarang lump sum ng IHSS.[29] Bilang halimbawa, kung ginawa ang isang retroactive na kabayaran ng IHSS sa isang hindi karapat-dapat na asawa sa Enero, ang kabayaran ay magiging isang hindi isinaling mapagkukunan sa Pebrero, ngunit ang isang nabibilang na mapagkukunan sa Marso para sa parehong SSI at Medi-Cal.

Kung tumatanggap ang isang hindi karapat-dapat na asawa ng mga kabayaran ng in-home supportive services para sa mga serbisyong ipinagkaloob sa sinuman bukod sa kanyang karapat-dapat na asawa o

---

[27] 22 C.C.R. § 50527. – (Bumalik sa Pangunahing Dokumento)

[28] 22 C.C.R. § 50451. – (Bumalik sa Pangunahing Dokumento)

[29] 20 C.F.R. § 416.1201(a)(3); P.O.M.S. SI 01120.112(B)(1), nakalaan sa SI 01120.112 Retroactive In-Home Supportive Services Payments to Ineligible Spouses and Parents. – (Bumalik sa Pangunahing Dokumento)

karapat-dapat na anak, ang mga kabayaran ay isinasama bilang kita na sasailalim sa pagpapalagay.[30]

Mga kabayaran ng IHSS na ginawa sa tumatanggap

Ang retroactive na mga kabayaran ng IHSS sa iyo bilang tumatanggap ng IHSS ay magiging hindi kasaling kita sa buwan na natanggap mo ito at hindi kasaling mapagkukunan para sa susunod na buwan. Pagkatapos na iyon kung hindi pa nababayaran, ang pera ay magiging isang nabibilang na mapagkukunan.[31]

Hindi umuulit na mga kabayarang lump sum ng social insurance

Ang hindi umuulit na mga kabayarang lump sum ng social insurance tulad ng mga benepisyo sa pagreretiro sa riles ng tren, benepisyo ng beterano, kabayaran sa manggagawa (worker's compensation), at mga benepisyo ng insurance ng kapansanan ay mga nabibilang na mapagkukunan sa buwan nang matanggap mo ang mga ito.[32] Hindi nito maaapektuhan ang pagkanararapat ng Medi-Cal kung ang iyong kabuuang nabibilang na mga mapagkukunan ay hindi lalampas sa $2,000 sa anumang panahon sa panahon na matanggap mo ang kabayaran.[33]

---

[30] *Tingnan* P.O.M.S. SI 01320.175. – (Bumalik sa Pangunahing Dokumento)

[31] 20 CFR §§ 416.1103(b), 416.1201(a)(3), 416.1161(a)(16); Tingnan ang, SI 01120.112 Retroactive In-Home Supportive Services Payments to Ineligible Spouses and Parents. – (Bumalik sa Pangunahing Dokumento)

[32] 22 C.C.R §§ 50455, 50507. – (Bumalik sa Pangunahing Dokumento)

[33] 22 C.C.R § 50420; California Health and Human Services Agency, "Medi-Cal General Property Limitations," Abril 2014, na-access Mayo 23, 2018, p. 1. – (Bumalik sa Pangunahing Dokumento)

Pagpapalit ng kita o isang mapagkukunan

Ang ilang bagay na natanggap mo ay naibilang nang kita nang minsan sa anumang paraan. Upang maiwasan ang dobleng pagbilang, ang mga bagay na ito ay hindi ibinibilang na kita.[34] Bilang halimbawa, mga refund ng buwis ay hindi kasali sa kita. Bilang karagdagan, ang ilang bagay na natatanggap mo ay hindi mga kita ngunit isang mapagkukunan. Bilang halimbawa, mga pinagbilhan sa pagbebenta, pagpapalitano kapalit ng isang mapagkukunan (tulad ng pagbebenta ng isang kotse) at hindi kita ngunit isang mapagkukunan.[35]

Kung tatanggap ka ng cash para sa layunin ng pagkukumpuni o pagpapalit ng hindi kasamang mapagkukunan, tulad ng iyong bahay, na nawala na, napinsala, o nanakaw, mayroon kang 9 na buwan mula sa petsa nang natanggap mo ang cash para kumpunihin o palitan ang mapagkukunan.[36] Maaari itong mapalawig para sa karagdagang 9 na buwan kung makapagpapakita ka ng magandang dahilan.[37] Kung hindi, ang cash ay magiging isang nabibilang na mapagkukunan.[38] Ang cash ay magiging isa ring nabibilang na mapagkukunan kung babaguhin mo ang iyong balak na kumpunihin o palitan ang ari-arian.[39]

Lahat ng iba pang kabayarang lump sum

Kung tatanggap ka ng anumang ibang uri ng isang kabayarng lump sum (bilang halimbawa, isang pamana, regalo, kabayaran ng life insurance, o bonus mula sa trabaho) ito’y magiging nabibilang na kita sa buwan na

---

[34] 22 C.C.R § 50523.5. – (Bumalik sa Pangunahing Dokumento)

[35] 22 C.C.R §§ 50406, 50407. – (Bumalik sa Pangunahing Dokumento)

[36] 20 C.F.R. § 416.1232(a). – (Bumalik sa Pangunahing Dokumento)

[37] 20 C.F.R. § 416.1232(b). – (Bumalik sa Pangunahing Dokumento)

[38] 20 C.F.R § 416.1232(a). – (Bumalik sa Pangunahing Dokumento)

[39] 20 C.F.R § 416.1232(d). – (Bumalik sa Pangunahing Dokumento)

natanggap mo ito at isang nabibilang na mapagkukunan sa susunod na buwan.[40]

Paano kung bibigyan ako ng isang tao ng tiket sa eroplano? Isang kotse? Isang bahay? Pera para pumasok sa eskuwela?

Kung bibigyan ka ng *hindi cash* na regalo ng isang bagay na magiging karapat-dapat bilang isang mapagkukunan kung itatago mo ito, kung gayon ang regalo ay hindi ibibilang na kita o isang mapagkukunan kung itatago mo ito.[41]

Ang *tiket sa eroplano para sa domestikong biyahe* na natanggap bilang isang regalo ay hindi ibinibilang na kita o isang mapagkukunan maliban lang kung ika-cash o ibebenta.[42] Kung ika-cash o ibebenta, kung gayon ang perang matatanggap ay tatratuhing kita sa buwan na nai-cash o naibenta. Ang natanggap ng tiket sa eroplano bilag isang regalo para sa hindi domestikong biyahe ay ibinibilang na kita - o mapagkukunan kung itatabi sa susunod na buwan. Gayunman, kung hindi maika-cash o maibebenta ang tiket para sa hindi pangdomestikong biyahe na mapupunta sa iyo ang pera, kung gayon hindi ito ibinibilang na kita o ituturing bilang

---

[40] 20 C.F.R §§ 416.1104 (nabibilang na kita ng SSI), 416.1120 (kita sa pamumuhunan ng SSI), 416.1207 (mga pagpapasya ng mapagkukunan ng SSI); 22 C.C.R §§ 50451, 50455 (Mga kabayarang Lump Sum ng Medi-Cal); *tingnan din ang* P.O.M.S. SI 00810.410 Infrequent of Irregular Income Exclusion. – (Bumalik sa Pangunahing Dokumento)

[41] 42 C.F.R. § 416.1103(j): “Anumang bagay na natanggap (maliban sa silungan bukod sa regalo gaya nang tinukoy sa § 416.1130 o pagkain) kung saan ay maaaring hindi isali bilang isang mapagkukunan … kung itatago mo ito, ay hindi kita.” – (Bumalik sa Pangunahing Dokumento)

[42] 42 U.S.C. § 1382a (b)(15); 20 CFR §§ 416.1124(c)(16), 416.1161(a)(19). Gaya nang itinakda sa mga regulasyon, ang “domestikong biyahe” kabilang ang biyahe sa mga teritoryo ng U.S. tulad ng Virgin Islands. – (Bumalik sa Pangunahing Dokumento)

isang mapagkukunan dahil ang halaga ng tiket ay hindi nakalaan para ipangbayad sa pagkain o silungan.

Ang *regalo na isang kotse* sa kaso kung saan ay wala sa iyo ang kotse ay hindi ituturing bilang kita sa buwan na natanggap at tatratuhin bilang isang hindi kasaling mapagkukunan umpisa sa susunod na buwan.[43] Ito'y dahil kung tatanggap ka ng isang bagay na maibibilang na hindi kasaling mapagkukunan sa susunod na buwan, hindi ito mabibilang na kita sa buwan nang natanggap. Kung ang kotse ay magiging isang pangalawang sasakyan, at ang pangalawang sasakyan ay hindi maisasali dahil ginagamit mo ito sa trabaho ayon sa ACWDL No. 91-28 , kung gayon maibibilang ito bilang hindi perang kita sa hangganan na ang netong halaga ng cash ay lalampas sa allowance ng iyong mapagkukunan.

Ang *regalo na isang bahay* o isang condominium o iba pag yunit ng pabahay kabilang ang trailer na gagamitin mo bilang iyong bahay ay sasailalim sa hindi perang kita sa ilalim ng mga tuntunin ng presumed maximum value (PMV) ng SSI sa buwan nang natanggap mo ito.[44] Sa mga susunod na buwan, ang bahay ay tatratuhin bilang hindi kasaling mapagkukunan. Sa ilalim ng mga tuntunin ng Medi-Cal, ang halaga ng hindi perang kita para sa isang-taong sambahayan ay lilimitahan sa $111, ang dalawang-taong sambahayan sa $150.[45] Kung tatanggap ka ng regalo na isang bahay na hindi mo gagamitin bilang iyong bahay, kung gayon ang halaga na matatanggap mo kung ibebenta ito, pagkatapos ibawas ang halaga ng pagbebenta nito o hinahanda itong ibenta, ay ang kita. Paminsan-minsan ang bahay ay itinuturing na hindi nakalaan dahil hindi ito

---

[43] Hindi pagsali sa isang sasakyan: 22 CCR § 50461; 20 C.F.R. § 416.1218. – (Bumalik sa Pangunahing Dokumento)

[44] 20 CFR §§ 416.1140, 416.1141. Ang halaga ng hindi perang kita ay ipinapalagay bilang isang resulta ng tuntunin ng Presumed Maximum Value ay 1/3 ng halaga ng Federal Benefit Rate at saka ang $20 na karaniwang babawasin ng kita. Sa 2018, iyon ay tutumbas sa $260. – (Bumalik sa Pangunahing Dokumento)

[45] 22 C.C.R. §§ 50509(a). 50511(a)(2), (d)(1)(A)-(B). – (Bumalik sa Pangunahing Dokumento)

maibebenta dahil sa inkombenyensiya[46] sa ibang may-aring naninirahan sa bahay o iba pang dahilan.[47] O hindi nakalaan ang bahay dahil walang legal na mga karapatan ang benepisyaryo ng Medi-Cal na magbenta o ang pagbebenta ay kakailanganin ng paglilitis.

Ang *regalo na pera na gagamitin sa edukasyon* o anumang ibang mapagkukunan ng mga pondo – yan ay, mga kaloob, scholarship, atbp. – na ang paggamit ay limitado sa mga halaga ng pagtanggap ng edukasyon tulad ng mga libro, bayad, matrikula, halaga ng isang pribadong guro, atbp. – ay hindi kasali bilang isang mapagkukunan para sa 9 na buwan pagkatapos sa buwan ng pagkakatanggap at kung kaya ay hindi itinuturing na kita sa buwan nang natanggap.

> **May kabuuang $1200 ang mga benepisyo ng aking Social Security Disability Insurance at karapat-dapat ako sa Medi-Cal nang walang share of cost sa ilalim ng programang Aged & Disabled. Katatanggap ko lang nang $100 mula sa aking tiyahin para sa aking kaarawan. Natatakot ako na gagawin nito na hindi ako karapat-dapat para sa Medi-Cal para sa buwan na ito.**

Ang iyong nabibilang na kita na batay lamang sa iyong kita ng SSDI ay $1180 ($1200 bawasin ang $20 ng babawasin ng anumang-kita[48]) kada buwan, kung saan ay mababa sa limit ng kita ng progarama ng A&D FPL 2018 na $1242 kada buwan para sa isang indibidwal. Dahil ang regalo mula sa iyong tiyahin ay itinuturing na hindi regular o madalang na kita sa pamumuhunan sa loob ng kahulugan ng 22 CCR § 50542(a) dahil ito'y kitang hindi natanggap nang higit sa dalawang beses kada quarter at kita na hindi maaaring makatwirang asahan, ang unang $60 ay hindi kasali. Kung kaya, tanging $40 ng regalo ang ibinibilang at kung kaya ang iyong

---

[46] *Tingnan* POMS SI 01130.130. – (Bumalik sa Pangunahing Dokumento)

[47] 22 C.C.R. § 50402; POMS SI 01120.010, POMS SI 01120.010. – (Bumalik sa Pangunahing Dokumento)

[48] 22 CCR § 50549.2. –(Bumalik sa Pangunahing Dokumento)

nabibilang na kita ay magiging $1220, mababa pa rin sa limit ng kita ng 2018.[49]

Kahit na palagpasin ka ng regalo sa limit ng kita sa isang buwan, magpapatuloy ang iyong mga benepisyo nang hindi bababa sa isang buwan para pahintulutan ang muling pagpasya gaya nang inuutos ng Welf. & Inst. Code § 14005.37 at, ipagpalagay na hindi ka nailagay ng regalo nang lampas sa limit ng iyong mapagkukunan sa susunod na buwan, patuloy na hindi magbabago ang iyong mga benepisyo ng Medi-Cal.

Kailan ko kailangang sabihin sa Social Security o sa departamento ng kapakanan ng county ang tungkol sa kabayarang lump sum?

Kailangan mong sabihin sa departamento ng kapakanan ng county ang tungkol sa kita sa loob nang 10 araw pagkatapos mo itong matanggap.[50] Bilang halimbawa, kung matatanggap mo ang kabayaran sa Disyembre 5, dapat mong sabihin sa departamento ng kapakanan ng county ang tungkol dito sa pagsapit ng Disyembre 15.

> *Tandaan:* Inirerekumenda namin na iulat mo ang iyong kita (at kung paano mo ito ginastos) nang nakasulat at isumite ang kita sa county nang personal Dalhin ang isang kopya ng kung ano ang isusumite mo at hilingin na matatakan ng petsa. Itago ang iyong mga resibo ng kung paano mo ginugol ang pera dahil maaaring hingin ito ng county

---

[49] Ang mga tuntunin ng SSI ay mas mahigpit doon ang ekstrang hindi regular o madalang na babawasin ng kita ay lalapat kung ang kita ay minsan lamang kada quarter at saka walang ekstrang babawasin kung ang kita sa parehong mapagkukunan ay matatanggap bago o pagkatapos kahit na nsa magkaibang quarter. 20 CFR § 416.1124(c)(6). – (Bumalik sa Pangunahing Dokumento)

[50] Welf. & Inst. Code 14005.37(h); 22 C.C.R § 50185(a)(4). – (Bumalik sa Pangunahing Dokumento)

bilang patunay na ginugol mo ang pera at hindi ito itinago sa ilalim ng iyong kumot, bilang halimbawa.

Bakit ko kailangang sabihin sa departamento ng kapakanan ng county tungkol sa lump sum?

Kailangang pagpasyahan ng departamento ng kapakanan ng county ang iyong pagkanararapat para sa mga serbisyo. Kung makatatanggap ka ng lump sum at itatago ito sa susunod na buwan, maaari kang palagpasin nito sa limit ng nabibilang na kita at/o mapagkukunan sa buwan na iyon na gagawin kang hindi karapat-dapat sa Medi-Cal o ilalagay ka sa programa ng ABD MN marahil ay may share of cost. Kung kaya, ang departamento ng kapakanan ng county ay gustong alamin kung paano mo ginasta ang pera.

Paano ko gugugulin ang hindi nauulit na lump sum?

Ang isang opsyon ay maaaring gugulin ang pera sa isang bagay na magiging isang hindi kasaling kita. Mga halimbawa ng mga hindi kasaling mapagkukunan ay isang bahay, kotse, pantahanang kalakal at mga personal na gamit, kinakailangan sa ari-arian para sa suporta sa sarili, terminong life insurance, paglilibingan at insurance sa paglilibing, o isantabi ang pera sa isang Plan to Achieve Self Support (PASS).[51]

Ang isa pang opsyon ay maaaring maglagay nang ilan o lahat ng pera sa kung tawagin ay OBRA Trust – tulad sa isang pooled trust – para magamit mo ang pera para pabutihin ang kalidad ng iyong buhay nang hindi nawawala ang iyong mga benepisyo.[52]

---

[51] 22 C.C.R. §§ 50418, 50425-50489, 50551.5; California Health and Human Services Agency, “Medi-Cal General Property Limitations,” Abril 2014, na-access Mayo 23, 2018. – (Bumalik sa Pangunahing Dokumento)

[52] 22 C.C.R § 50489 *et seq.*, ACWDL Nos: 95-75 and 06-24. – (Bumalik sa Pangunahing Dokumento)

Maaari ka rin magtatag ng Special Needs Trust.[53] Ginagawa na ngayon itong posible ng mga pagbabago sa batas ng Special Needs Trusts para magtatag ng naturang trust para sa kanyang sarili, imbes na magtatag ng naturang trust ang magulang ng benepisyaryong may kapansanan, lolo o lola, legal na tagapag-alaga, o isang korte.[54] May bisa ang pagbabagong ito para sa mga trust na itinatag sa o pagkatapos ng Disyembre 13, 2016.[55] Mahalagang tandaan na dapat likhain ang trust para sa benepisyaryo bago sila umabot sa edad na 65 taon.[56]

Para malaman ang higit pa tungkol sa mga ito at iba pang opsyon, iminumungkahi namin na kontakin mo ang California Advocates for Nursing Home Reform – CANHR Long Term Care Justice and Advocacy – para sa payo at referral sa isang abogado na espesyal sa ganitong mga larangan.[57]

Maaari mo ring tingnan ang website ng California State Treasurer para sa impormasyon tungkol sa mga CalABLE account. Tingnan ang, California State Treasurer.[58] **Kung magkakaroon ka ng kapansanan bago sa edad na 26, maaaring magawa mong makapag-ipon nang hanggang $14,000 kada taon, at hanggang $100,000 kabuuan sa isang tax-advantaged na savings account na tinatawag na ABLE**

---

[53] 22 C.C.R. § 50489.9. – (Bumalik sa Pangunahing Dokumento)

[54] ACWDL No. 17-13. – (Bumalik sa Pangunahing Dokumento)

[55] *Id*. – (Bumalik sa Pangunahing Dokumento)

[56] 42 U.S.C. § 1396p(d)(4)(A). – (Bumalik sa Pangunahing Dokumento)

[57] Pumunta dito para sa karagdagang impormasyon: CANHR Long Term Care Justice and Advocacy. – (Bumalik sa Pangunahing Dokumento)

[58] Tingnan din, CalAble Providing People With Disabilities Greater Financial Security at CalAble Program – Mga Madalas Itanong (Frequently Asked Questions) para sa higit na impormasyon. – (Bumalik sa Pangunahing Dokumento)

account bago lubos na maapektuhan ang iyong SSI o Medi-Cal.[59] Nangangahulugan ito na kung makapagtitipid ka ng pera sa isang ABLE account, ang mga limit ng nabibilang na mapagkukunan ay hindi lalapat sa iyo para sa SSI o Medi-Cal at makakukuha ka nang hangang $100,000 sa account. At saka, maaari kang magkaroon ng parehong ABLE account at isang Special Needs Trust.

Ang mga pamamahagi mula sa iyong ABLE account ay hindi ibibilang na kita, at maaari mong gamitin ang pera mula sa iyong ABLE account para gastusin sa mga gastusin sa pagiging nararapat, tulad ng pabahay, transportasyon, at healthcare.[60] Ang isa pang benepisyo ng isang ABLE account ay maaari kang makatanggap ng pamamahagi mula sa account at hindi ito ibibilang na isang mapagkukunan hangga't pinapanatili mo ang halagang babayaran para sa isang kaugnay na hindi-pabahay na karapat-dapat na gastusin ng kapansanan.[61] Bilang halimbawa, kung magwi-withdraw ka nang $500 mula sa iyog account sa Hunyo para magbayad para sa isang inaasahang medikal na gastos na magaganap sa Setyembre, ang $500 ay hindi ibibilang na isang mapagkukunan para sa Hunyo, Hulyo, Agosto, o Setyembre.[62]

Paano kung ako ay nasa MAGI Medi-Cal at tumatanggap ng lump sum?

---

[59] 26 U.S.C. § 529A; nakalaan sa P.O.M.S. SI 01130.740. – (Bumalik sa Pangunahing Dokumento)

[60] Tingnan, P.O.M.S. SI 01130.740(C). – (Bumalik sa Pangunahing Dokumento)

[61] Tingnan, P.O.M.S. SI 01130.740(C)(5)(a). – (Bumalik sa Pangunahing Dokumento)

[62] Tingnan, P.O.M.S. SI 01130.740(C)(5)(c). – (Bumalik sa Pangunahing Dokumento)

Sa karaniwan, ang kitang hindi binubuwisan sa ilalim ng mga tuntunin ng IRS ay hindi ibinibilang kapag nagpapasya ng pagkanararapat hinggil sa pananalapi sa ilalim ng MAGI. Nangangahulugan ito na ang anumang kitang hindi binubuwisan, tulad ng pamana ay hindi ibibilang tungo sa iyong kita ng MAGI.[63] Ang mga scholarship o kaloob na fellowship na hindi ginagamit sa mga gastusin sa pamumuhay ay hindi isinasali sa kita.[64] Para sa mas kumpletong listahan ng kung ano ang ibinibilang at hindi tungo sa iyong MAGI, mangyaring tingnan ang Medi-Cal Eligibility Division Information Letter (MEDIL) No. I 17-09.[65] Alinman sa MAGI ni sa programang Targeted Low-Income Children ay mayroong limit ng mapagkukunan/ari-arian.[66] Inirerekumenda na huwag kang mag-uulat ng anumang kita hangga't aktuwal na natanggap ito.

Ang kitang nabubuwisan na natanggap bilang isang lump sum - tulad ng pagsusugal o mga panalo sa loterya, mga premyo o gantimpala, back pay ng empleyado na ipinagkaloob sa isang kasunduan, retroactive na mga benepisyo ng insurance ng kawalang trabaho, retroactive na social security at mga benepisyo sa pagreretiro sa riles ng tren, o isang lump sum na pamamahagi mula sa isang kuwalipikadong plan ng pagreretiro mula sa employer na namatay - ay itinuturing na kita lamang sa buwan nang natanggap ito.[67] Pagkatapos ng unang buwan, hindi ito mabibilang na isang mapagkukunan o "ari-arian". Kung makatatanggap ka ng pensyon sa kapansanan na binayaran mo (laban sa binayarang pensyon ng kapansanan ng isang employer), ang kita na iyon ay hindi mabibilang dahil ang kita na iyon ay hindi kasali sa mga buwis ng kita. Kung matutugunan mo ang mga tuntunin ng IRS na ipinaliwanag dito - IHSS/Live-in-provider-

---

[63] Tingnan, Medi-Cal Eligibility Division Information Letter No.: I 17-09. – (Bumalik sa Pangunahing Dokumento)

[64] 42 C.F.R. § 603(e)(2). – (Bumalik sa Pangunahing Dokumento)

[65] MEDIL I 17-09. – (Bumalik sa Pangunahing Dokumento)

[66] 42 C.F.R. § 603(g). – (Bumalik sa Pangunahing Dokumento)

[67] 42 C.F.R § 435.603(e)(1); MEDIL I 17-09.- (Bumalik sa Pangunahing Dokumento)

Self-Certification Information - ang iyong kita sa IHSS ay hindi mabibilang dahil hindi kasali sa mga buwis ng kita (ngunit hindi sa mga buwis ng Social Security o Medicare).

Gusto naming makabalita sa iyo! Mangyaring kumpletuhin ang sumusunod na survey tungkol sa aming mga publikasyon at ipaalam sa amin kung ano ang lagay namin! [Gawin ang Survey]

Para sa legal na tulong tumawag sa 800-776-5746 o kumpletuhin ang form ng kahilingan para sa tulong. Para sa lahat ng ibang layunin tumawag sa 916-504-5800 (Northern CA); 213-213-8000 (Southern CA).

Pinopondohan ang Disability Rights California ng iba't ibang pinagkukunan, para sa isang kumpletong listahan ng mga nagpopondo, pumunta sa http://www.disabilityrightsca.org/Documents/ListofGrantsAndContracts.html .